# Immune globulin para sa Post-Exposure Prophylaxis ng Tigdas

*Ang immune globulin na pangangalagang pang-iwas pagkatapos malantad (IG PEP,) ay hindi dapat gamitin upang kontrolin ang mga paglaganap ng tigdas, kundi upang bawasan ang panganib na mahawahan at magkaroon ng mga komplikasyon sa ilang partikular na bulnerableng populasyon.  Ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat magbigay ng angkop na PEP para sa tigdas sa pakikipagtulungan sa mga lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.*

## Ano ang post-exposure prophylaxis para sa tigdas?

Ang post-exposure prophylaxis (PEP) para sa tigdas, kapag agad na naibigay pagkatapaos ng inisyal na pagkalantad sa tigdas, ay maaaring magbigay ng proteksiyon laban sa pagkahawa sa tigdas o makabawas sa panganib na magkaroon ng malalang karamdaman sa mahihinang tao.

Mayroong dalawang uri ng PEP para sa tigdas:

1. Ang bakuna sa MMR, kung ibibigay **sa loob ng 72 oras** mula nang inisyal na malantad sa tigdas (mas kanais-nais)[1]
2. Ang immune globulin (IG), na tinatawag ding immunoglobulin, kung maibibigay **sa loob ng 6 na araw** mula sa inisyal na pagkalantad sa tigdas, na karaniwang nakareserba para sa ilang partikular na bulnerableng populasyon.

## Ano ang immune globulin?

Ang immune globulin (IG) ay isang sterile solution na naglalaman ng mga antibody mula sa dugo ng tao. Ang IG ay isinasapriyoridad para sa malalapit na nakasalamuha ng mga kaso ng tigdas na hindi puwedeng magpabakuna sa tigdas, beke, at rubella (MMR) at nalantad sa tigdas. Ang mga taong hindi puwedeng magpabakuna sa MRR ay:

- ang mga sanggol na mas bata sa 6 na buwang gulang
- ang mga buntis (bagaman puwedeng magkaroon ng MMR ang mga babaeng nagpapasuso)
- ang mga taong malubhang immunocompromised o mga taong may iba pang medikal na kontraindikasyon sa pagbabakuna

Ang IG PEP ay hindi dapat gamitin upang kontrolin ang mga paglaganap ng tigdas, kundi upang bawasan ang panganib na mahawahan at magkaroon ng mga komplikasyon sa ilang partikular na bulnerableng populasyon. Ang IG ay karaniwang isinasapriyoridad para sa mga sanggol na wala pang 12 buwang gulang na walang immunity sa tigdas, mga babaeng buntis na walang anumang ebidensiya ng immunity sa tigdas, at mga taong malubhang immunocompromised na malapit na nakasalamuha ng kumpirmadong kaso ng tigdas. Puwedeng ibigay ang IG sa iba pang taong walang ebidensiya ng immunity sa tigdas, pero dapat bigyan ng priyoridad ang mga taong nalantad sa mga lugar kung saan may malapit na nakasalamuha nang matindi at matagal (halimbawa, sa bahay, daycare, at silid-aralan).

Ang karamihan ng tao ay walang reaksiyon sa IG, o napakabanayad lang ng side effects nito. Ang IG ay hindi bakuna at nagbibigay ng panandaliang proteksiyon laban sa tigdas na tumatagal nang tinatayang 3-4 na linggo. Ang mga taong tumatanggap ng IG PEP at kalipikadong magpabakuna sa MMR ay dapat maghintay ng hindi iikli sa 6 na buwan bago magpabakuna sa MMR.

## Paano ginagamit ang IG?

Kailangang ibigay ang IG **sa loob ng 6 na arawmula nang inisyal na malantad** at puwedeng ibigay nang intramuscularly (IGIM, sa kalamnan) o intravenously (IGIV, sa ugat).

[1] Para sa mga taong kalipikadong magpabakuna na edad 12 buwan pataas na nalantad sa tigdas, mas kanais-nais na ibigay ang bakuna sa MMR kaysa sa IG, kung maibibigay sa loob ng 72 oras mula sa inisyal na pagkalantad. Kung hindi nagsasanhi ng impeksiyon ang pagkalantad, ang pagbabakuna pagkatapos malantad ay dapat maglaan ng proteksiyon laban sa magkakasunod na pagkalantad sa tigdas habang nagbibigay rin ng proteksiyon laban sa impeksiyon ng beke at rubella.

## Immune Globulin **sa Kalamnan** (**IGIM**)

Ang GamaSTAN ang tanging available na IGIM sa U.S. Sinusuplay ito sa 2mL at 10mL na vial sa isang dosis. Iniimbak sa 2-8°C (36-46°F) at may shelf life na 3 taon.

- Inirerekomenda ang GamaSTAN para sa mga batang may timbang na mas mababa sa 30kg (~66 na libra), lalo na sa mga batang wala pang 1 taong gulang at malapit na nakasalamuha ng mga kasong tumatanggi o hindi kalipikadong makatanggap ng bakuna sa MMR.
- Ang inirerekomendang dosis para sa GamaSTAN ay 0.5mL/kg, anuman ang lagay ng immune system ng taong nakasalamuha. Ang maximum na dosis ayon sa volume ay 15mL.
- Puwedeng maging mapanghamong ibigay ang GamaSTAN sa mga batang may timbang na lampas sa 10kg dahil sa dami ng kinakailangang ibigay sa marami at hiwa-hiwalay na iniksiyon. Walang indikasyon para sa mga nasa hustong gulang; ang mga indibidwal na ≥30 kg ay nangangailangan ng intravenous immunoglobulin o immunoglobulin na ipinadaraan sa pamamagitan ng ugat.

## Immune Globulin **sa Ugat** (**IGIV**)

Inirerekomenda ang IGIV para sa mga taong may timbang na lampas sa 30kg (~66 na libra).

- Ang inirerekomendang dosis ng IG na ibinibigay nang intravenously (IGIV) ay 400 mg/kg.
- Ang IGIV PEP ay inirerekomenda (sa English) para sa mga taong higit na nanganganib na magkaroon ng malubhang tigdas at mga komplikasyon, kabilang na rito ang mga taong malubhang immunocompromised at mga babaeng buntis na walang ebidensiya ng immunity sa tigdas na nalantad sa tigdas.
- Bagaman puwedeng magbigay ng mas malaking dosis ng IGIV kompara sa IGIM, ang klinikal na paggamit ng IGIV ay may mahahalagang desbentaha, kabilang na rito ang malaking gastos at nangangailangan ang pag-administer ng mas matagal na pag-obserba ng mga propesyonal na may kasanayan sa mga naka-specialize na lugar (ibig sabihin, sa ospital).

| Populasyon | Uri ng PEP na Available |
|---|---|
| **Sa loob ng 72 oras pagkatapos malantad** | |
| Mga sanggol at batang mas matanda sa ≥ 6 na buwan | Bakuna sa MMR |
| Mga nasa hustong gulang na hindi buntis o malubhang immunocompromised | Bakuna sa MMR |
| **Sa loob ng 6 na araw pagkatapos malantad** | |
| Mga sanggol na wala pang 6 na buwan | IGIM (hindi inirerekomenda ang MMR) |
| Mga sanggol at batang wala pang 30kg | IGIM (karaniwang isinasapriyoridad ang mga sanggol na <12 na buwang gulang na hindi kayang makatanggap ng MMR PEP) |
| Mga buntis | IGIV (may kontraindikasyon ng MMR sa pagbubuntis) |
| Mga taong malubhang immunocompromised | IGIV (may kontraindikasyon ng MMR) |

## Paano Makakuha ng IGIM

Ang IGIM ay hindi nangangailangan ng infusion center o pag-administer sa ospital, pero maaaring may mga dosis ang mga lokal na ospital na puwedeng gamitin, kung kailangan.

### **Bago** matukoy ang mga kaso

1. Bumuo ng plano para sa pagkuha ng IGIM, lalo na kung may mga lugar na may kaunting coverage ng MMR. Hindi available ang IGIM sa pamamagitan ng programang Vaccines for Children (VFC, Mga Bakuna para sa mga Bata). Makipag-ugnayan sa inyong proyektong Immunization Operations and Services Branch (IOSB, Sangay ng Operasyon at Serbisyo sa Pagbabakuna) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) upang humingi ng tulong kung kailangan. 2. Makipagtulungan sa mga lokal na ospital o sistema ng ospital upang tumukoy ng mga available na dosis.

3. Puwede ring isaalang-alang ng mga kagawaran ng kalusugan ang pagkuha ng mga dosis nang direkta upang magamit kung kailangan para sa pagkalantad o paglaganap ng tigdas.

Puwedeng makipagtulungan ang mga kagawaran ng kalusugan sa mga kasosyo sa pamamahagi upang makakuha ng IGIM.

Maraming estado ang miyembro ng MMCAP Infuse (sa English); ang mga pang-estado at lokal na kagawaran ng kalusugan ay puwedeng bumili ng
GamaSTAN/IGIM sa pangkontratang presyo sa pamamagitan ng pambansang kooperatibang grupong ito. Upang makapagsimula sa MMCAP Infuse, narito ang mga kontak ayon sa rehiyon: https://infuse-mn.gov/products/product-ordering/index.jsp (sa English).

### **Pagkatapos** matukoy ang mga kaso

1. Makipagtulungan sa mga lokal na ospital upang matukoy ang mga dosis na agarang available.
2. Kung walang sapat na dosis ang mga lokal na ospital at walang ibang available na dosis, makipag-ugnayan sa mga tagapamahagi ng MMCAP Infuse o sa kinatawan ng tagamanupaktura (narito ang impormasyon ng tagamanupaktura: https://www.gamastan.com/en/hcp) (sa English).

Tandaan: Para mapunan nang mabilisan ang mga order, kailangang mayroon nang MMCAP account.

## Paano Makakuha ng IGIV

Karaniwang available ang IGIV sa karamihan ng pangunahing ospital at panglungsod na sentrong medikal. Kapag may kakulangan sa buong bansa, maaaring kailanganin ng mga ospital na isapriyoridad ang mga pasyente.